

Petsa

Pangalan ng Humihiram  
Tirahan  
Lungsod, Estado, Zip Code

Tungkol sa: Numero ng Utang  
Address ng Ari-arian

Mahal naming Humihiram:

Kamakailan, ang Goldman Sachs Group, Inc., ang mga kasalukuyang sangay at kaanib nito, kabilang ang mga Namumuhunan sa MTGLQ, LP at Goldman Sachs Mortgage Company (GSMC), ay nagkaroon ng isang komprehensibong kasunduan kasama ng Department of Justice (DOJ) at iba pang sangay na pangunahing tumutugon sa mga pagkilos at kasanayang nauugnay sa pangangalakal, pagtatakda ng istruktura, pagsasaayos, pagpapaseguro, pagbibigay at pagbebenta ng mga seguridad sa pagsangla ng mga tirahan (residential mortgage backed securities o RMBS). Nakatuon ang Goldman Sachs sa pagtulong sa mga may-ari ng mga bahay na nahihirapang magbayad ng kanilang mga utang para sa bahay. Kung kayo ay nagkakaproblema sa pagbabayad ng inyong mga utang para sa bahay, maaari kayong maging karapat-dapat na tumanggap ng karagdagang tulong sa pamamagitan ng mga espesyal na limitadong programa na inaalok sa kasunduang ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa Selene Finance LP para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabago sa utang o mga opsyon sa pakikipagkasundo bilang bahagi ng Kasunduang ito.

Nauunawaan ng **Selene Finance LP** na maaaring dumaranas kayo ng panandalian o pangmatagalang paghihirap at nangangailangan ng tulong.

Kung nagkakaproblema kayo sa pagbabayad ng inyong utang sa bahay, narito kami upang tulungan at bigyan kayo ng anumang mga potensyal na opsyon na maaari ninyong gamitin. Maaari ninyong gamitin ang mga opsyon kahit na dati na kayong tinanggihan o pinagkalooban ng tulong.

Maaaring kabilang sa mga opsyon ng pagtulong ang:

**Plano sa Muling Pagbabayad** – Binibigyang-daan kayo na magbayad para sa mga nakalipas na bayarin sa inyong utang sa loob ng partikular na panahon upang mahabol ang inyong utang hanggang sa kasalukuyan. Ang bawat plano ng pagbabayad ay kinabibilangan ng inyong regular na buwanang bayad at isang bahagi ng halaga ng nakaraang bayarin. Ang termino ng plano ay magbabago batay sa inyong kakayanan na muling magbayad.

**Pagbabago sa Utang** – Binibigyang-daan ang mga permanenteng pagbabago sa inyong utang. Magagamit ninyo ang mga opsyon sa pagbabago ng utang kahit na dati na kayong tinanggihan o tumanggap ng pagbabago sa utang. Maaaring kabilang dito ang alinman sa sumusunod:

- Mas maliit na kabuuang utang, kabilang ang pagpapatawad sa isang bahagi ng halagang inutang
- Hindi nababagong halaga ng interes
- Mas maliit na buwanang pagbabayad

Ang pagpapatawad sa anumang bahagi ng balanseng kailangang bayaran ay maaaring magkaroon ng mga implikasyon sa buwis sa ilalim ng batas ng pederal na pamahalaan o ng estado. Hindi namin kayo kayang bigyan ng legal na payo o payo ukol sa buwis. Mangyaring kumonsulta sa isang propesyonal sa pagbubuwis.

**Pakikipagkasundo** – Isang kasunduan sa pagitan ninyo at ng Selene kung saan ang Selene, na kumakatawan sa nagpautang, ay sumasang-ayon na tumanggap ng halagang mas mababa kaysa sa kabuuang halaga ng balanse ng inyong utang bilang kabayaran sa inyong utang. Nasa inyo pa rin ang ganap na pagmamay-ari sa inyong bahay.

**Agarang Pagbebenta** – Binibigyang-daan kayo na ibenta ang inyong bahay sa halagang mas mababa kaysa sa natitirang balanse sa inyong utang. Ang napagkasunduang netong halaga ng presyo ng inyong bahay ay kailangang katanggap-tanggap sa nagpautang sa inyo. Mababayaran ang utang sa napagkasunduang halaga ng presyo at mga termino. Kung maisagawa ang agarang pagbebenta, hindi kayo magkakaroon ng pananagutan sa mga bayarin sa pagbenta (hal., mga bayad sa broker). Maaaring magbigay ng tulong sa paglilipat.

**Deed-in-Lieu of Foreclosure** – Binibigyang-daan ang boluntaryong paglipat ng pag-aari ng inyong bahay sa nagpautang sa inyo, bilang pagbabayad sa ilan o lahat ng inyong mga obligasyon sa ilalim ng inyong utang. Maaaring magbigay ng tulong sa paglilipat.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa 877-768-3759 Lunes - Huwebes alas 8 ng umaga hanggang alas 9 ng gabi CT at Biyernes alas 8 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon CT o bumisita sa aming website sa [www.Selenefinance.com](http://www.Selenefinance.com)

<http://goldmansachs.mortgagesettlementmonitor.com>

Kung wala pang itinatalagang Single Point of Contact para sa inyo, magtatalaga kami ng isa para sa inyo. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong Single Point of Contact sa kabuuan ng proseso at aabisuhan kayo tungkol sa mga opsyon na magagamit ninyo.

Taos-puso,

Selene Finance LP  
877-768-3759

Ang Selene Finance LP ay isang tagakolekta ng utang na sinusubukang maningil ng bayad para sa utang, at ang anumang impormasyong makukuha ay gagamitin para sa layuning iyon.

Pakitandaan na kung nakakaranas kayo ng pagkalugi (bankruptcy) o nakatanggap ng bankruptcy discharge hinggil sa utang na ito, hindi nilalayan ng liham na ito na personal kayong singilin para sa utang ninyo.

**Para sa mga miyembro ng Serbisyo at Mga Dependent:** Binibigyan kayo ng proteksyon ng Servicemembers Civil Relief Act ng pederal na pamahalaan at ilang partikular na batas ng estado, kabilang ang pagbabawal sa pagkamkam sa ari-arian (foreclosure) sa karamihan ng mga sitwasyon sa panahon ng, at pagkalipas ng labingdalawang buwan pagkatapos ng, pagsisilbi sa serbisyong militar o iba pang serbisyo ng miyembro ng serbisyo. Hindi kakamkamin ng Selene ang ari-arian ng miyembro ng serbisyo o ng kanyang dependent sa panahong iyon, maliban na lang kung naaayon sa atas ng hukuman o sa nakasulat na kasunduan sa pagpapaubaya ng miyembro ng serbisyo.

NMLS # 6312

## **PAHINA NG PAGHAHAYAG**

### **Mga Residente ng Texas**

ANG MGA REKLAMO KAUGNAY NG PAGBIBIGAY NG SERBISYO SA PAGKAKASANGLA NG INYONG ARI-ARIAN AY DAPAT IPADALA SA DEPARTMENT OF SAVINGS AND MORTGAGE LENDING, 2601 NORTH LAMAR, SUITE 201, AUSTIN, TX 78705. MAY TOLL-FREE NA HOTLINE PARA SA CONSUMER SA 877-276-5550.

Maaaring mag-download at mag-print ng form para sa pagrereklamo at mga tagubilin mula sa website ng Departamento na makikita sa [www.sml.texas.gov](http://www.sml.texas.gov) o makukuha sa departamento kapag hiniling sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa address na nasa itaas, sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free na hotline para sa consumer nito na nakasulat sa itaas o sa pamamagitan ng pag-email sa [smlinfo@sml.texas.gov](mailto:smlinfo@sml.texas.gov).

### **Lungsod ng New York**

Ang Selene Finance LP ay isang Ahensyang Tagakolekta ng Utang na may numero ng lisensya na 2009843 na ibinigay ng Department of Consumer Affairs ng Lungsod ng New York.

### **Mga Residente ng New York**

**Para sa mga pag-utang sa New York:** Nakarehistro ang Selene Finance LP sa Superintendent. Maaari kayong maghain ng mga reklamo tungkol sa Nagbibigay ng Serbisyo sa State Department of Financial Services ng New York. Maaari kayong kumuha ng higit pang impormasyon mula sa State Department of Financial Services ng New York sa pamamagitan ng pagtawag sa Consumer Assistance Unit ng Departamento sa 1-800-342-3736 o sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Departamento sa [www.dfs.ny.gov](http://www.dfs.ny.gov).

### **Mga Residente ng Colorado:**

**Lokasyon ng tanggapan sa Colorado: 13111 East Briarwood Avenue, Suite 340, Centennial, CO 80112**  
**Numero ng Telepono ng Tanggapan sa Colorado: (303) 768-0200**